# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA- 62 PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG OKTUBRE 28, 2002 SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Fernando R. Cabitac Jr | - | Pang. Punong Bayan Tagapamatnugot |
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | Konsehal |
| Kgg. Sharon B. De leon | - | " |
| Kgg. Joselito T. Calderon | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Arturo R. Valle | - | " |
| Kgg. Pochollo A. Esguerra | - | " |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | " |
| Kgg. Reggie Lynn R. Gonzaga | - | " |

**LUMIBAN:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr | - | Pangulo ng Liga ng Mga Barangay |
| Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra | - | Pangulo ng Liga ng Sangguniang Kabataan |

- - - - - - - - - - - - -

**KAUTUSAN BILANG 26**

**KAUTUSAN PANSAMANTALANG PAGBABAGO NG DAANAN SA MGA PAMPUBLIKONG SASAKYAN SA BISPERAS AT ARAW NG MGA YUMAO SA BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

SAPAGKAT, ang kinatatayuan ng Sementeryo ng Bayan ng Taytay ay nakapuesto sa pagitan ng Rizal Ave, at Manila East Road Brgy. San Juan kaya't ang ilang sa ating mga kababayan ay lubhang nahihirapan magtungo sa Sementeryo sa araw ng mga yumao;

SAPAGKAT, kung ating itatakda ang pansamantalang pagbabago ng daanang sasakyan sa bisperas at araw ng mga yumao ito ay makapaglilingkod sa ating mamamayan na nais magtungo sa Sementeryo at makapagdulot ng sigla sa pag-alaala ng mga naulila sa kanilang mahal na sumakabilang buhay na;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Taytay alinsunod sa itinakda ng Republic Act 7160, at bilang pagtalima sa tinadhana ng Batas ay nagtatakda ng mga sumusunod;

SEKSYON 1 – Pansamantalang binago ang daan pang-sasakyan sa bisperas at araw ng mga yumao sa Bayang ito upang maibsan ang trapiko;

SEKSYON 2. Hindi masasaklaw ng kautusang ito ang mga pribadong sasakyan na dadalaw sa kanilang mga mahal sa buhay sa Sementeryo;

SEKSYON 3. Para sa kaayusan ng kautusang ito ang daanan ng mga pampublikong sasakyan ay tinatagubilinan na sumunod at makiisa sa magandang layunin ng Sangguniang Bayan;

SEKSYON 4. Ang mga lalabag sa kautusang ito ay papatawan ng halagang P 150.00 Temporary Operator's Permit ( TOP);

SEKSYON 5. Tinatagubilinan din ang himpilan ng Pulisya ng Bayang ito at Barangay Opisyal ng apektadong Barangay sa pangunguna ng Hepe ng Pulisya ng Taytay na makiisa at makipagtulungan sa nilalayon ng kautusang ito;

SEKSYON 6. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika-28 ng Oktubre, 2002 dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay;

---

PINATUTUNAYAN KO, ang nilalaman ng Kautusan ito, na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na Pangkaraniwang pulong nang ika 28 ng Oktubre taong 2002 sa bulwagang kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay.

**NOLI G. DEL ROSARIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:**

**KGG. FERNANDO R. CABITAC JR.**
**Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. JUNE V. ZAPANTA**
**Nanunuparang Punong Bayan**